

## **The Project Gutenberg eBook of Dakilang Asal, by Aurelio Tolentino**

This ebook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this ebook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you'll have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

Title: Dakilang Asal

Author: Aurelio Tolentino

Release date: October 10, 2004 [EBook #13687]

Most recently updated: December 18, 2020

Language: Tagalog

Credits: Produced by Tamiko I. Camacho, Jerome Espinosa Baladad and PG

\*\*\* START OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK DAKILANG ASAL \*\*\*

[Transcriber's note: Tilde g in old Tagalog which is no longer used is marked as ~g.]

[Paalala ng nagsalin: May kilay ang mga salitang "ng, mga," at iba pa upang ipakita ang dating estilo sa pag-sulat ng Tagalog na sa ngayon ay hindi na ginagamit.]



# **DAKILANG ASAL**

**TINULA NI**

**Aurelio Tolentino**

**MAYNILA**

**Imp. "Tagumpay" 15, Plaza Sta. Cruz**

**1907**

---

# Talaan ng Nilalaman

## I. PAUNAWA

## II. KATUNGKULAN SA M~GA MAGULANG, MAESTRO, KAPATID, KAMAGANAK AT SA LAHAT N~G KAPWA

## III. SA PAGLILINIS N~G KATAWAN AT PAG-AYOS N~G BAHAY

## IV. SA PAGBIBIHIS

## V. SA PAKIKIPANAYAM

## VI. SA M~GA PAGDALAW AT M~GA KAPISANAN

## VII. SA M~GA PIGING

## VIII. SA M~GA LARO

## IX. SA LANSAN~GAN AT SA LAHAT N~G DAKONG UKOL SA MADLA

## X. SARISARING BAGAY NA DAPAT SUNDIN

---

# DAKILANG ASAL<sup>[1]</sup>

## I

### PAUNAWA

O kabinataang bagong sumisibol,  
itong abang lagda sa iyo'y patunkol.  
Pakatandaan mo itong m~ga hatol  
na dan~gal at buhay n~g lahat n~g dunong.

Ang pagpipitaga't pakikipagkapua  
ay siyang sagisag n~g pagka-dakila;  
kapag sa sinuman ito ay nawala,  
iyan ay di dapat, humarap sa madla.

Di sukat ang ganda, di sukat ang yaman,  
di sukat ang dunong at lahat n~g inam;  
kapag ang sagisag na aking tinuran  
ay siyang nawala, ang lahat ay kulang.

Ang pagkamabaít, ang pagka-mahinhin,  
ang pagka-matapat at anyong butihin  
ay siyang palamuting sa tuina'y dadalhin,  
ang iyong ugali upang magluningning.

Sapul pa n~g ikaw ay batang maliit  
may tungkulin ka n~g lubhang mahihigpit,  
gaya n~g huag bigyan n~g munting ligalig  
ang kawawang inang sa iyo'y ninibig.

Ikaw ay lumaki at lumaki naman  
ang iyong tungkuling akin n~g tinuran:  
n~g una'y ang iyong mundo ay kandun~gan  
n~g inang malugod, n~gayon ay ang bayan.

---

## II

### KATUNGKULAN SA M~GA MAGULANG, MAESTRO,

# KAPATID, KAMAGANAK AT SA LAHAT N~G KAPWA

Pipintuhuin mo't panuyuang kusa  
ang iyong magulang na mapag-aruga,  
sila'y pan~galawa ni Poong Bathala  
na dapat igalang sa balat, n~g lupa.

¿May mahal pa kaya sa hinin~gang tan~gan?  
Ang iyong hinin~ga sa kanila'y utang.  
Ang pinagpalaki sa iyo'y paghirang,  
puyat, pawis, hirap at sampu n~g buhay.

Ang kahima't sila ay nan~gahihimbing,  
kapag nain~git ka sila'y gumigising;  
kinandong-kandong ka at inaliw-aliw  
at pinalayawan n~g saganang lambing.

Sa gayong kalaking utang na tinanggap  
mo n~ga sa kanila'y ¿anong ibabayad?  
Alayan man sila n~g lahat n~g lin~gap,  
kulang at sa utang mo n~ga'y di pa sukat.

Salamat na lamang at di maninin~gil,  
ang puhunan nila'y di ibig bawiin;  
sakali ma't sila ay alalahanin  
n~g kahit bahagya'y malaki n~g turing.

Pagkagising mo na ay agad n~g hagkan  
ang pisn~gi n~g ina't ang sa amang kamay,  
kasabay n~g bating malugod na "¡Inay!"  
sa ama'y gayon din, ang bati ay "¡Tatay!"

Kung matutulug na saka uulitin  
ang halik at bating paalam n~g lambing;  
n~guni't sa tui-tui na ito'y bago gawin,  
ang kailan~gan nila muna'y siyasatin.

Kung sakaling ikaw ay mapan~gusapan,  
sa ano mang bagay kaya'y parusahan,  
ay ipag-saya mo't darating ang araw  
na matutunayang iyo'y pagmamahal.

Ang m~ga inali, at ang mga mama,  
at ang ina-ama,t ini-ina kaya,  
at ang m~ga nuno, at ang matatanda  
ay kaila~gang lubos na pintuhuin n~ga.

At ang m~ga iyong lahat na kapatid  
ay pakamahalin n~g boong pag-ibig;  
sa m~ga alila ay huag magmasun~git  
pagka't sila'y kapua, dukha lamang tikis.

Sa lahat n~g tao'y lubos magpitagan,  
n~g upanding ikaw naman ay igalang;  
sakaling sa iyo sino ma'y magkulang,  
kahabagan siya't pagdaka'y talikdan.

Ang maestro'y siyang pan~galawang ama,  
ang maestra nama'y pan~galawang ina,  
kaya dapat n~ganing pintuhuin sila  
at mahaling lubos n~g boong pagsinta.

Binalankas lamang, kung baga sa bahay,  
ang iyong ugali n~g iyong magulang;  
n~guni't ang maestro'y siyang nagbibigay  
n~g dakilang gangda't m~ga kasangkapan.

Dahil sa kanila ay maihaharap  
ang iyong ugali sa sino mang pantas,  
sa pagka't sa dunong ay hindi n~ga salat,  
sa lusok na asal nama'y hindi hubad.

At katungkulan mong lubos na mahigpit  
sa iyong pag-aaral ang pagsusumakit;

ang lahat n~g turo nila'y isa-isip,  
sa lahat n~g hatol nila ay manalig.

Nan~gun~guna sila't ang dala ay ilaw  
sa landas n~g iyong madilim na buhay;  
tanang hakbang nila ay malapit sundan,  
n~g upanding ikaw ay huag maligaw.

---

### III

## SA PAGLILINIS N~G KATAWAN AT PAG-AYOS N~G BAHAY

Pagbaban~gon mo na'y agad maghilamos,  
magpunas n~g kamay at saka magmumog,  
maglinis n~g n~gipin, maghusay n~g buhok,  
damit na pangbahay pagdaka'y isuot.

Pagkatapos nito ay agad ganapin  
ang datihang iyong katunkulang gawin,  
at maminsan minsa'y ang kuko'y putulin  
at saka maligong magkubli sa tin~gin.

Ang babayi'y dapat ayusin ang bahay,  
linisin ang sahig sampong kasangkapan;  
sa kani-kaniyang dako ay ilagay  
ang lalong maliit na ari-arian.

Bahay na maayos ay parang salamin  
n~g nagawing buhay sa pagka-mahinhin;  
bahay na magulo'y nagpasabing tanging  
n~g ugaling salat sa turong magaling.

Kailan~gang harapi't siyasating lahat  
ang sa pamamahay gawang nararapat,  
at huag sayan~gin ang kabit nang oras,  
magagawa n~gayo'y huag ipagpabukas.

M~ga kasangkapang iyong magagamit,  
kung saan kinuha ay isawling saglit;  
huag pabayaang masira't mawaglit,  
pinuhunan dian ay maraming pawis.

Ang itak, ang sandok, ang saro, ang pingan,  
ang walis, pamunas, lamesa't upuan,  
tanang kasangkapang kaliit liitan  
may kani-kaniyang dapat na kalagyan.

Makita mo'y kahit iisang karayom  
na kakalat-kalat ó kaya natapon,  
pulutin mo agad at ilagay doon  
sa kung saan dapat, sa lalagyáng ukol.

Karayum ay mura't walang kasaysayan,  
n~guni't hindi ito ang siyang kahulugan:  
karayum na walá sa dapat kalagyan  
ay nagbabalitang musmos ang may-bahay.

---

### IV

## SA PAGBIBIHIS

Ang damit na iyong dapat na isuot  
ay huag ang masagwa't huag ang dukhang lubos  
ang tipon n~g ganda't inam na tibubos  
na sa katamtamang sa kulay ay ayos.

Kailan~gang sumunod sa ugaling moda,  
n~guni't huag lumampas n~g di tawanan ka,

at huag kang magsuot n~g hindi mo kaya:  
ang mahal ay pan~git sa dukhang talaga.

Paka-in~gatan mo ang iyong pananamit.  
n~g huag madun~gisan at n~g di mapunit;  
mainam ang luma, kung buo,t malinis,  
kay sa bagong wasak ó may duming bahid.

Marikit ang murang hiyas kay sa mahal,  
kung ang gumagamit ay dukha n~gang tunay;  
ang dukhang magsuot n~g aring marin~gal  
kahit man binili, parang hiram lamang.

Kahit na sa bahay ay dapat magsuot  
n~g damit na puting talagang pangloob,  
at huag mong gayahan ang asal na buktot  
sa gawing *malinaw* ... ¡Hubu't hubad halos!

Limutin ang cotso, at magbotitos ka,  
ang paa mo't binti upang huag makita:  
babaying may puri di dapat magtinda  
n~g dapat itago sa alin mang mata.

Botitos ay mura, bukod sa mainam,  
at talagang dapat sa mahinhing asal;  
cotso't sapatilya ay napakamahal,  
sa may hiyang paa talagang di bagay.

Di mo masasabing mahal na tibubos,  
sapagka,t matibay kung gawang tagalog:  
ang tatlo mang cotso'y masisirang sunod  
bago makawasak n~g isang botitos.

At gayon din naman ang medias ay mura,  
n~guni at mahal ma'y dapat bumili ka:  
iyan n~ga ang tabing, sa mata n~g iba,  
n~g binting ma'y dan~gal at ma'y puring paa.

Maging sa bahay ma't maging sa lansan~gan  
ay huag mong limutin ang panyong alampay:  
alampay ay siyang tabing na tangulan  
n~g dibdib-mu't batok sa mata n~g bayan.

Kalsonsilyong puti na hahangang tuhod  
ay dapat gamiting damit na pangloob,  
ang puri mo'y upang di sumabog-sabog  
sa m~ga hagdana't lilipatang bakod.

Ang tapis ay huag mong limutin kailan man,  
sa bihis tagalog sadyang kasangkapan:  
ang baro at saya kahit mura lamang  
ay áko n~g tapis, kung ma'y sadyang inam.

Huag kang maniwalang nagbuhat ang tapis  
sa kakastilaang dito ay sumapit:  
m~ga nuno natin n~g *tapi'y* gumamit,  
tapis ay nangaling sa *taping* binangit.

Paka-in~gatan mo ang gawang magbihis,  
ang samâ at buti'y dian masisilip;  
diyan nahahayag ang tinagong bait,  
diyan nababasa ang gawi at hilig.

---

## V

### SA PAKIKIPANAYAM

Sa lahat n~g m~ga pakikipanayam  
ang nagsásalita'y mabuting pakingan,  
sapagka at lubhang kapan~git-pan~gitan  
ang di pumapasing sa kasalitaan.

Ikaw ay papakli, kung dapat sumagot,  
n~g magandang bigkás, salitang malambot:  
ang banlang sabihin ay kuruing lubos,  
baka may mapaltik sa m~ga kaumpok.

Huag magbulaan sa alin mang bagay,  
palatuntunan mo'y ang katotohanan;  
n~gunit sa taya mo'y kung may tatamaan,  
mabuti pa n~ganing huag ka n~g magsaysay.

Huag mong sasabatin ang nagsasalita  
paka-ilagan mo ang gawang manumpa,  
at kung tatawa ka'y huag lakasang lubha  
ang tawang malakas ay sa taong dusta.

Kung ma'y nagsasabi n~g salitáng búhay,  
batid mo man kahi't ay dapat pakingan,  
at huag mong sabihing—"Alam ku na iyan"  
ito ay malaking lubhang kapintasan.

Magpakailan pa man ay huag kang sumabat  
n~g wikang—"Mali ka"—"Sabi mo'y di tapat"  
Sakali mang mali ang ating kausap,  
kailan~gang sagutin n~g lubhang banayad.

Ang pakli'y ganito—"Naging iba lamang,  
n~g hindi pu kayo ang siyang nagsaysay  
n~g gayon, ay di ko paniniwalaan"  
sapagka't ... Saka ka naman man~gatwiran.

Kung ang katalo mo ay ayaw duminig  
sa sinasabi mong tunay na matwid,  
at sumasagot pang bagkus nagagalit,  
hayaan mo siya't, huag ka n~g umimik.

Datapua,t sakaling ang makausap mo  
ay sadyang mabait, talagang may tuto,  
at sa iyo'y sabihing—"Ipatawad ninyo  
itong ipapakling abang palagay ko".

Ito,y sagutin mo n~g boong pitagan,  
n~g boong pag-giliw, gaya n~g tuturan  
"Ituluy pu ninyo't kikilanling utang  
ang pag-akay ninyo sa aking kamalian".

At magpakailan man ay huag mong sabihing  
"Ang sabi ko'y hindi ninyo napaglining."  
Kung di ang ganito—"Malabu marahil  
ang sinalaysay ko: aking uulitin."

Kung saka-sakaling purihin ka naman,  
ay huag mong sagutin n~g wikang mahalay,  
na gaya n~g pakling—"Iyan po'y tuya lamang,  
iyan po'y isang biro't kasinun~galin~gan."

Ganito ang iyong m~ga sasabihin  
—"Iyon po'y karan~galang di sukat sa akin;  
n~gunit dahil diya,y aking pipiliting  
ang pagkamumus ko'y papaging-dapatin."

Ang bagay na lihim ay huag mong ihayag,  
at sa kata-kata ikaw ay umilag,  
at huag mong purihin ang iyong kausap,  
at huag mong libakin ang di mo kaharap.

---

## VI

### SA M~GA PAGDALAW AT M~GA KAPISANAN

Piliin ang oras sa m~ga pagdalaw,  
at di ang sa gawing pagkaing agahan,  
di ang sa tanghali, di ang sa hapunan,

di ang sa pagtulog at gawang kailan~gan.

M~ga karaniwang dalaw ay sa pistá,  
sa araw n~g lingo kung walang gambala,  
at ang oras namang pinaka-maganda  
ay kung ang hapunan ay naidaos na.

Ang dalaw na m~ga *bigay-loob* lamang<sup>[2]</sup>  
ay dapat humiksi, ang gayo,y kaila~gan,  
at pagpilitan mo ang huag magpaliban  
n~g lubhang maluat at iyong bayaran.

Sa alin mang pintô bago ka pumasok  
ay huag magmadali't marahang tumugtog;  
ang dinadalaw mo'y sakaling nanaog,  
ikaw ay magsabi n~g ganitong ayos.

—"Wala pu ba naman silang dinaramdam?"  
Pagsagot n~g wala—"Salamat na lamang"  
—"Utang na loob po'y ipagbigay alam  
na kanila itong ninais kong dalaw."

—"At tuloy kami po'y ipag-maka-anó...<sup>[3]</sup>  
sa kanilang dan~gal." N~guni't kung sa iyo  
sabihin ang gayon, ang isasagut mo'y  
—"Aking tutuparin ang utus pu ninyo."

Sa gayo'y agad n~g ikaw ay magpaalam,  
isa mong tarheta'y huag na di mag-iwan;  
baliin ang isang sulok na alin man  
—"Utang na loob po, ito ay iiwan."<sup>[4]</sup>

Sakaling marami ang m~ga panauhin,  
yukuan mo sila't pagdakay batiin—<sup>[5]</sup>  
—"Magandang gabi po"—ang iyong sabihin,  
saka ang may bahay ay lapitang tambing.

Pagdakay iabot ang kanan mong kamay,  
at ang kamay niya'y upang mahawakan,  
—"¿Anu po ang atin? Ang inyong may bahay  
at m~ga kasama ¿anu po ang lagay?"

—"Mabuti po naman at walang may sakit,  
at ¿kayu pu naman?"—Ang sagot ay—"kahit  
sa alin mang oras ay handa pong tikis  
na mapag-utusan sa kayang maliit."

Kung may kasama kang di kilalang tao  
n~g iyong kausap, agad iharap mo,  
—"Sila po'y kaibigan: ikadadan~gal ko  
ang sila'y iharap n~gayon po sa inyo."

At ang iniharap naman ay sasagot  
—"Bagong tagasuyong napahihinuhod  
at sumasa-inyong balang ipag-utos"  
—"Salamat po't kami ay gayon ding lubos"<sup>[6]</sup>

Kung may kaibigan ka sa m~ga dadatnan,  
ang iyong kasama'y iharap din naman;  
datapua't huag mong gagawin kailan man,  
ang di mo kilala'y agad kakamayan.

Lalo at marami ay lubha n~gang pan~git  
na sa bawa't isa ikaw ay lumapit;  
yukuan mo lamang sila n~g marikit  
saka mo batiin n~g boong pag-ibig.

Ang kasangkapan mo'y sakaling batiin,  
ialay mo agad n~g wikang magiliw.  
—"Walang kasaysayan, palibhasa'y akin,  
n~gunit ang akin po'y lubos na inyo rin."

Ang iyong kausap kung hindi mo alila  
ay ipáuna mo sa pagsasalita:

"*Kayo po at ako*"—at di mawiwika  
ang—"Ako po't kayo"—pagka't hindi tama.

At kung marami n~ga ay gayon din naman,  
ikaw din ang siyang kahuli-hulihan.  
Ganito:—"Kayo po, si Mameng, si Ninay,  
si Pepe at ako ang napagtanun~gan."

Ang m~ga pamagat ay huag mong sambitin  
lalo na kung pan~git at masamang dingin,  
na gáya n~ga nito:—"Si Daniel na duling,  
si Titay na bun~gi, si Kulas na tikling."

M~ga halintulad ay paka-ilagan  
kung nakadudusta—"Aku po'y nawalan;  
halimbawa n~gayon kayo ang nagnakaw"....  
ang gayong salita'y kasama-samaan.

Sa m~ga palalo ay huag kang gumaya,  
walang bukang bibig kung di ang kanila:  
—"Ako po'y ganito"—"Ako po ay iba"  
Ang gayon salita'y pan~git na talaga.

Kung ang kausap mo ó sinu man kayâ  
ay namaling hindi talagang sinadya,  
pagtakpan mo't parang hindi nahalata  
n~g upanding siya ay huag mapahiya.

Pakikipagtalo ay iyong ilagan;  
n~guni at sakaling mahirap iwasan,  
ay salaysayin mo ang iyong katwiran  
n~g saging malambot at katotohanan.

Kung paupuin ka ay iyong piliin  
ang huling upuan: n~gunit kung sakaling  
ang lusok na dako sa iyo'y ihain,  
ay huag kang magtuloy kung di ka pilitin.

Kung isang babayi ang siyang dadatal  
lahat n~g dadatna'y dapat magtindigan;  
sagutin ang bating kaniyang binitiwang,  
lusok na upuan sa kanya'y ialay.

N~gunit kung lalaki ang siyang darating,  
ay lalaki lamang ang tatayong tambing;  
ang m~ga babayi'y nan~gaka-upu ring  
sasagot sa bati ng wikang magiliw.

Dapat na maunang mag-alay n~g kamay  
ang nakatataas sa pagkakamayan;  
sa m~ga batian ay gayon din naman,  
di sukat mauna ang natataasan.

Kaya ang babayi'y siyang nararapat  
mag-alay n~g kamay sa makakau-sap  
sapagka't saan mang m~ga paghaharap,  
ang babayi'y siya ang nakatataas.

Gayon man ay dito'y nakagawian na  
ang m~ga lalaki'y siyang nan~gun~guna.  
Babayi't lalaki kung kakamayan ka,  
kamay mo'y madaling ibigay pagdaka.

In~gatan mong ikaw ay huag magdaan  
sa gitna n~g kahit alin mang hárapan;  
n~guni at sakaling lubos na kailan~gan,  
hin~gin ang kanilang kapahintulutan.

At huág kang humukut na gaya n~g iba  
na ang kanang kamay ay iniu-una:  
tuid ang katawan "¿Maari pu bagang  
ako ay magdaan?"—"Magtuluy pu sila."

At sakaling ikaw nama'y may gagawing  
sandali sa labas, ay iyong sabihin



n~g boong pitagan—" *Ipagpaumanhin  
pu nila't sandaling sila'y lilisanin.*"

Sa pagpapa-alam ay iyong magagamit  
ang m~ga sinabing pag-upo't pagtindig;  
at kung ikaw naman ang siyang aalis,  
sila ay yukuan n~g anyong marikit.

—"*Kami pu,y paalam sa kanilang lahat,  
mag-utus pu sila sa lahat n~g oras.*"  
—" *Magandang gabi po.*" Kamayan mo agad  
ang m~ga may bahay, gayari ang saad.

—" *Ang amin pung dampa ay inyo ring tunay*<sup>[7]</sup>  
*na sa gayong daan at gayon ang bilang.*  
*Hinihintay naming kami'y paran~galang*  
*palagi n~g inyong malugod na dalaw."*

Sagot n~g may bahay naman ay ganito:  
—" *Inyo na pung alam itong bahay ninyo,*  
*Ninana is naming kayo,y pumarito,*  
*upang sa tui-tui na,y masuyuan kayo."*

Nasabing may bahay kung sadyang may nais  
makipagkilala sa iyo n~g mahigpit,  
katungkulan niyang dalawin kang tikis  
sa loob n~g tatlong araw di lalabis.

At sakaling siya sa iyo'y dadalaw,  
ikaw sa kaniya ay magkakautang;  
tadhana'y sa loob n~g wawalong araw  
siya'y dalawin mo't itoy karampatan.

Kung uubuhin ka ó babahin kayâ,  
gayon sa pagdahak saka sa paglura,  
ay dapat lumin~gon sa dakong kabila,  
ang iyong kailan~gan upanding magawa.

Kublihan pagdaka n~g panyo ang bibig,  
upanding ang dumi ay huag tumilansik:  
ang mukha mot labi'y pahirang malinis,  
at kailan may huag kan lumura sa sahihig.

Sa lahat n~g pulong ay lubos na bawal  
ang pagsasalita n~g m~ga mahalay,  
gayon din ang bulok na kadumal dumal  
ay huag mong sabihin at paka-in~gatan.

At huag kang mag-higab, at huag mag-antók  
at huag kang mag-unat, at huag mag-kamót,  
at huag kang mainip at lumin~gos-lin~gos,  
ito'y lubhang pan~git at lisyang sa ayos.

Ang anu mang tan~gan n~g iyong kaharap,  
na gaya n~g paypay, sakaling malaglag,  
pulutin pagdaka't isauli mo agad,  
iabot ang tatangnan, sa dulo ang hawak.

Ang alin mang pintong iyong dadaanan,  
kung datnan mong bukás, bukás mo ring iwan,  
at kung nakasima, isima mo naman,  
ito'y siyang turo n~g dakilang asal.

Ang kahit sinu man sa m~ga kalikom  
sa alin mang pinto, ay makasalubong,  
dagli mong yukuan at saka umurong,  
at iyong sabihing—" *Sila po'y magtuloy.*"

N~gunit kung sakaling umurong din siya  
at pipilitin kang ikaw ang mauna,  
kung hindi rin lamang natataasan ka,  
pasalamat mo at magtuloy ka na.

Ang kahit man sino ang sa iyo'y dumalaw

ay iyong ihatid hangang sa hagdanan:  
sákaling madilim ay iyóng tanglawan  
hangang na sa loob siya n~g bakuran.

Ang iyong kaibiga'y kung magkakasakit,  
ay manaka-nakang dalawin mong saglit;  
at kung datnan siya n~g m~ga ligalig,  
gayon di'y dalawin, aliwin sa hapis.

Sa araw n~g binyag ó kapan~ganakan  
n~g iyong matalik na m~ga kaibigan,  
sila'y batian mo n~g masayang liham,  
mahiksi ang sukat, n~guni at malaman.

At gayon din naman sa pag-aasawa,  
ó sa pan~gan~ganak na lubhang ginhawa,  
at sa lahat na n~gang dapat ipag-sayá,  
sila ay padalhan n~g liham pagdaka.—<sup>[8]</sup>

Kung patutun~go ka sa alin mang bayan,  
lalo't sa malayo'y lubos na kailan~gan,  
bago ka umalis muna'y magpaalam  
sa kaibigan mo't iyong katungkulan.

Nguni at kung ikaw naman ay dumating,  
katungkulan nilang ikaw ay dalawin,  
sapagka't kailan~gang kanilang sabihing  
sila'y nagsasaya't umuwi kang magaling.

---

## VII

### SA M~GA PIGING

Kung mapithaya ka sa alin mang piging,  
huag kang magpauna sa ibang panauhin;  
n~gunit huag ka namang mahuling dumating:  
isipin mong ikaw ay doon hihintin.

Sa mesang pagkain kung tumatawag n~ga,  
hayaang mauna ang m~ga dakilâ;  
at gayon din naman huag kang magkusang  
maunang tumikim sa alin mang handâ.

Huag kang magmadali't ang subo'y huag lakhan  
ang ulam ay huag mong amuyan ó hipan;  
ang m~ga kubiertos ay paka-in~gatan,  
upang huag kumatog na lubha sa pingan.

Huag mong titigan ang alin mang hain,  
at gayon din naman kasalong panauhin  
paka-in~gatan mo't huag sasambitin  
ang bagay na baka nakaririmarim.

Ang iyong m~ga siko ay huag mong isampa  
magpakailan pa man sa kakanang mesa,  
kahit anong ulam ay huag humingi ka,  
huag namáng pintasan ang kahit alin pa.

Kung di mu man ibig ang dulot na hain,  
kahit kakaunti ay kumuha ka rin;  
magpakailan pa man ay huag mong sabihing  
—"*Ang ganyan pong ulam di ko kinakain.*"

Ang pagsasalita, kung punô ang bibig,  
ay bawal na lubos sa dakilang bait,  
at gayon din naman ang sadyang pag-gamit  
n~g dalawang pan~ga sa pagkai'y pan~git.

Huag mong paapawin ang baso ó copa  
n~g tubig ó alak at kahit anu pa;  
bagu ka uminom pahiran mu muna  
ang iyong m~ga labi n~g laang servilyeta.

Kung maka-inom na ay gayon din naman  
ang m~ga labi mo'y pahirang agapan;  
at huag kang umihip wari alinsan~gan,  
ang gayo,y bawal n~ga sa dakilang asal.

At kung alayan ka n~g iyong kasalo  
n~g alak ó kaya maging kahit anó,  
sa di mu man kanin ay tatanggapin mo  
at pasalamatan ang alay sa iyo.

At kung may dadatal na ibang panauhin,  
lalot kakilala'y anyayahang tambing.  
Huwag kang sumubo at siya,y iyong hinting  
makapasok muna at kayo,y lisanin.

---

## VIII

### SA M~GA LARO

Kung kayo'y magtipon upanding mag-aliw,  
ikaw ay magsaya, n~gunit magmahinhin.  
Pinaka matanda ay papamiliin  
n~g larong mainam na inyong gagawin.

Sa alin mang laro ay huag kang magdáya  
at huag ka rin namang mag-in~gay na lubha.  
Kung may alan~ganin dapat pahatul n~ga  
sa hindi kalarung m~ga matatanda.

At kung may dumating na iyong kaibigan,  
ó sinu man kaya, lalu at maran~gal,  
ang ukol sa iyo sa kaniya'y ialay  
—"¿Ibig pu ba ninyong makipag-aliwan?"

Sakali at ikaw ay siyang manalo,  
sino man ang kulang ay huag sin~gilin mo,  
at huag mong sabihing—"Magbayad po kayo"  
Pahiwatig lamang—"¿Ang kulang ay sino?"

Isang nananalo'y di dapat umalis,  
kung di may malaking dahilang mahigpit;  
n~guni at ang talo ay makatitindig  
at huag magpakita n~g kaunting galit.

Kung nananalo ka ay huag kang magdiwang  
kung natatalo ka'y huag magn~gitn~git naman,  
sa laro'y madalas mahalatang tunay  
ang walang magaling na pinag-aralan.

---

## IX

### SA LANSAN~GAN AT SA LAHAT N~G DAKONG UKOL SA MADLA

Babayi'y di sukat lumakad sa daan  
n~g walang kasama at pan~git na tignan.  
n~gunit sa lalaki ay hindi kailan~gang  
mapag-isa kahit saan mang galaan.

Sa alin mang dako na ukol sa madla  
ikaw ay magbihis n~g hindi masagwa;  
n~guni at huag naman ang napakadukha,  
ó kaya marumi, kung dili may sira.

At kung babayi ka, huag mong pákapalan  
mukha mo n~g pulbos, pagka't di mainam:  
manipis na pahid marikit na tingnan,  
ang kinang n~g balat huag na di maparam.

¿May iinam kaya sa kulay n~g balat  
nating kayumangi't makinis, maligat?  
Pintor at poeta'y iyan ang pan~garap  
sapagka't nandiyan ang buhay n~g dilag.

Paka-ilagan mo ang satsat at daldal,  
gayon din ay huag kang magdunung-dunun~gan;  
n~guni at huag namang parang piping tunay  
pagka't ito'y tanda n~g pagka-walang muang.

Kung may kasama kang dapat na dan~galin  
ikaw ay lumagay sa kaliwang piling,  
at kung sa banketa'y gumilid kang tambing  
sa dako n~g bakod siya'y padaanin.

Kung masalubun~gan ang isang babayi  
sa m~ga banketa na aking sinabi  
ay dapat gumilid ang isang lalaki  
ó bumabang saglit, ang gayon ay puri.

Maging kahit sino ang iyong masundan,  
kung ibig mong siya'y iyong malampasan,  
ikaw ay bumaba ó gumilid lamang,  
sa dako n~g bakod ay huag kang magdaan.

Kung ang kasama mo ay may makausap  
na wari ay lihim lumayo kang agad,  
upang huag sabihing nakikitalastas  
ka n~ga sa usapang di dapat mahayag.

Kung kayo ay tatlo sa m~ga galaan  
ay igitna ninyo ang itinatanghal,  
n~guni at kung kayo'y magka isang dan~gal,  
magka-kulay damit sa tabi ay bagay.

At gayon din naman ang magkasintaas,  
sa dalawang tabi sila nararapat,  
ang isang mababa ó kaya matankad  
ay siyang igitna, ang gayon ay sukat.

Kailan~gan n~gang lubos na iyong isabay  
sa m~ga kasama ang iyong paghakbang  
kung kayo'y titigil, ang iyong katawan  
at ulo'y itayó n~g anyong mainam.

Kung sa m~ga pintô ikaw ay papasok,  
hakban~gan ó landas na sadyang makipot,  
kung may kasama kang dapat na ilusok,  
paunahin siya't ikaw ay sumunod.

Sa m~ga karuage at m~ga, kalesa  
kung kayo'y nasakay ay huag kang mauna;  
sa piling na kanan paupuin siya,  
sa dakong kaliwa doon lumagay ka.

N~guni at kung kiles ang inyong sasakyan  
lalut apat kayo'y huli ka rin naman;  
sila'y paupuin sa dakong unahan,  
sa tabi n~g pinto doon ka lumagay.

Paghintu na ninyo at kayo'y bâbabâ,  
ikaw ay maunang umibis na kusà.  
kung siya'y babayi ó kaya matandâ,  
agad mong abutin alalayang lubha.

Babayin tumitindig sa kaniyang upuan  
at anyong aalis, may paroroonan,  
ang iyong pagsuyo pagdaka,y ialay:  
"Ikadadan~gal kong kayo po'y samahan."

Ito'y kagawian sa asal dakilà,  
maging sa dulaan, maging sa pag-galà,  
maging sa pagkain kung uupu na n~gâ,  
sumaliw sa piano ó tumugtug kaya.

Pagka't sa babayi'y pagdusta n~gang tunay  
n~g isang lalaki kung hindi samahan;  
kaya,t ang babayi'y nararapat namang  
lalaki'y huag hiyain at pasalamatan.

At kung hindi gayo'y mapipintasan ka,  
mangmang na babayi, walang munting sigla,  
para kang babayin bundok na talaga,  
sa ugaling bayan ay di pa bihasa.

Huag mong gagayahan ang m~ga pintasin  
ang balang makita'y agad susukatin:  
gumagawa nito'y iyong m~ga haling  
na hindi nag-aral n~g pagka-mahinhin.

Kung paparoon ka sa m~ga sayawan,  
sa m~ga teatro't m~ga kapisanan,  
pakatandaan mong iyong katungkulan  
ang lalong mabining pagkamatimtiman.

Sa alin mang bagay na sadyang di pan~git  
ay huag mong hiyain ang sino man kahit;  
magbigay loob ka, na di mo man ibig,  
upang purihin ka n~g m~ga mabait.

Alin mang Religion ay huag mong tawanan  
m~ga dasal nila ay pagpitaganan.  
Ang m~ga ugali sa alin mang bayan  
gayon din ay dapat na iyong igalang.

Ang sa protestanteng ginagawang kulto,  
at ang kay Mahoma, at ang kay Confucio,  
at ang sa Iglesia Filipinang bago  
ay iyong igalang, sampu n~g Romano.

Ang ugaling moro, ang ugaling insik,  
ang sa amerikano, ang sa m~ga ingles,  
kastila,t aleman, ang sa taga bukid  
at kahit alin pa,y igalang mong tikis.

Ang iyong Religion ay kahit alin man  
at ang iyong ugali,y dalisaying tunay:  
hayaan ang iba,t huag ipagputakang  
lahat ay masama,t ang iyo'y mainam.

---

## X

### SARISARING BAGAY NA DAPAT SUNDIN

Sa harap ng iba ay huag kang magbihis,  
magputol n~g kuko, maghilod, mag-ahit,  
huag kang magpabahin, magpunas, magwalis  
at ang magpapatok n~g daliri,y pan~git.

Bawal na totoo sa dakilang asal  
sa harap n~g iba'y makipagbulun~gan;  
n~guni at lalu pang kasama-samaan  
ang nakikibasa sa bukás na liham.

At gayon din naman ay masamang lubos  
ang sa sumusulat kusang panonood;  
ang sa nag-uusap naman ay manubok  
ay pan~git na lubha at asal na buktot,

Sa harap n~g iba ay huag kang bumahin  
n~g napakalakas, sapagka't pan~git din.  
Ang labi mut kukó ay huag mong kagatin,  
ang m~ga paa mo'y huag pakinigin.

Huag mong gagayahin ang asal mababa  
n~g sa bawa't bigkas, isang panunumpa

ang m~ga mahalay salitang salaula  
na gaya n~g —*Kulog!* ... ay kahiya-hiya.

Magmatimtiman ka sa m~ga harapan,  
ang masayang mukha'y lubos na kailan~gan  
ikaw ay n~gumiti n~g maminsan-minsan  
at kung matawa ka ay huag mong lakasan.

Kung nakatayu ka't may kakaharipin,  
ay huag kang sumandal sa pinto ó dingding;  
ang m~ga kamay mo'y huag may butingtin~gin,  
ang dalawang paa'y itayong butihin.

Kung naka-upu ka'y ang iyong m~ga hita  
ay huag pagpatun~gin sapagka't pan~git n~ga  
at huag mu rin namang paunating lubha  
ang iyong m~ga paa sa may dakong gitna.

Sa usapang di mo lubos nalilining,  
ay huag kang sumisid n~g lubhang malalim:  
ikaw ay pumakli, kung bagat may dahil;  
ang bawat bigkás mo'y timban~ging magaling.

Ang kahima,t sino,y huag mong pagmamasdang  
parang sinisiyasat: ang gayon ay bawal;  
n~guni,t titingnan mong sandali kung minsan,  
n~g di parang iyong pinagmamalakhan.

Pintasan ang m~ga birong matutulis,  
n~guni at kailan~gan ang huag kang magalit:  
kung di magsitigil, ay huag kang dumin~gig,  
humanap n~g ibang iyong makaniig.

Ang ganda n~g iba,y huag mong kaingitan,  
at gayon din naman ang sa ibang yaman;  
subali kung siya kay sa iyo,y mainam,  
ay ipagtapat mong mainam siyang tunay.

## KATAPUSAN

**MABUTI ANG BATANG MAY DAKILANG ASAL KAY SA MATATANDANG WALANG  
NAMUMUAN~GAN DAKILA ANG DUKHANG MAY UGALING MAHAL KAY SA WALANG  
TUTONG M~GA MAYAYAMAN.**

---

## MGA TALABABA:

[1]

Ang DAKILANG ASAL na ito ay akma sa lahat n~g maran~gal na ugali sa Sanglibutan.

[2]

Dalaw na *bigay-loob* ay ang unang pagdalaw sa isang nagaanyayang dalawin sa kaniyang pamamahay.

[3]

Ang salitang *ipagmaka-anó* ay siyang katuturan sa tagalog na dalisay n~g maling salitang "*cumusta*" na nangaling sa wikang kastilang "*¿Como está?*"

[4]

Ang kahulugan n~g bali n~g tarheta sa alinmang apat na sulok ay dalaw.

[5]

Hindi ang pagyukung pan~git na anaki ay natatakot ó nahihiya, kung di yaong magandang kilos na bahagyang hutok n~g baiwang, kaunting pagbaba n~g ulo at masayang mukha.

[6]

Ang salitang "KAMI" ay nagagamit n~g kahit, iisa't walang kasama, at siyang palaging

kagamitan n~g m~ga maririkit managalog, gaya rin n~g salitang "SILA" na ginagamit at ipinapalit sa salitang "KAYO". Sa katunayan n~ga ay marikit pakingan ang PAALAM NA PU KÁMI SA KANÍLA" kay sa "PAALAM NA PU AKO SA INYO". Marikit pakingan ang "Magtuloy po SILA *dine sa* AMIN" Kay sa "Magtuloy pu KAYO dini sa AKIN".

[7]

Kung hindi pa nalalaman n~g pinagpapa-alaman ang pan~galan n~g nagpapa-alam, ay kailan~gan sabihin.

[8]

Mga Liham

(LIHAM SA M~GA NAG-AASAWA).

M~ga G. G. Miguel Bantog at

Esther Dalisay.

M~ga piling kaibigan.

Tanggapin pu nila ang masigabong tua na ambag niaring loob sa ikaliligaya hangang buhay nang kani lang malugod na pagiisang puso.

Ninanis ku po n~g taimtim sa calooban na abuluyan sila n~g lan~git n~g saganang biaya.

Na sa panunuyo.

Feliza Ilawdagat

Octubre 15-1906.

(LIHAM SA M~GA LUMULUSOK)

G. Jacob Pinkian.

Piling katoto:

Hinatdan kita n~g masayang paonlak dahil sa paglusok mo sa iyong pinapasukan.

Ninanis kong ikaw ay dumakila sa ikadadan~gal nitong ating lupang tinubuan.

Sumasa-iyong.

Abdon Sinagaraw

Octubre 15-1906

(LIHAM SA NAMAMATAYAN)

G. Concepción Panghalina

Mahal na Ginoo:

Uma-anib pu ako n~g tunay na pagdamay sa kahapisang inilagak sa inyo n~g kamatayang sumamsam n~g mahalagang buhay n~g inyong nasirang kapatid.

¡Sumalan~git nawa siya!

Mag-utos pu sila.

Alberto Manin~gas

Octubre 15-1906.

(LIHAM SA KAPAN~GANACAN)

Ninay na giliw:

Binabati kita n~g boong tua dahil sa araw n~g iyong kapan~ganakan. Uma-anib ako sa iyon~g malugod na kasayahan at ninanis ko n~g taos sa puso na lumawig nawa ang iyong buhay sa gitna n~g lalong maligayang kapalaran:

Tanggapin mo ang aking masintahing halik.

Ang iyong

Iday.

Octubre 15-1906.

G. CESAR PAN~GILINAN.

Mahal na Ginoo:

Ikinadadan~gal ku po ang aking pag-anib sa inyong malugod na kasayahan, dahil sa malubay na pagsupling n~g inyong giliw na asawa.

Ninanais kong ang bagong supling ay lumago, mamulaklak at magbun~ga sa ikagiginhawa n~g bayan.

Na sa pagpipitagan,

Leonardo Tagabundok.

Octubre 15-1906.

\*\*\* END OF THE PROJECT GUTENBERG EBOOK DAKILANG ASAL \*\*\*

Updated editions will replace the previous one—the old editions will be renamed.

Creating the works from print editions not protected by U.S. copyright law means that no one owns a United States copyright in these works, so the Foundation (and you!) can copy and distribute it in the United States without permission and without paying copyright royalties. Special rules, set forth in the General Terms of Use part of this license, apply to copying and distributing Project Gutenberg™ electronic works to protect the PROJECT GUTENBERG™ concept and trademark. Project Gutenberg is a registered trademark, and may not be used if you charge for an eBook, except by following the terms of the trademark license, including paying royalties for use of the Project Gutenberg trademark. If you do not charge anything for copies of this eBook, complying with the trademark license is very easy. You may use this eBook for nearly any purpose such as creation of derivative works, reports, performances and research. Project Gutenberg eBooks may be modified and printed and given away—you may do practically ANYTHING in the United States with eBooks not protected by U.S. copyright law. Redistribution is subject to the trademark license, especially commercial redistribution.

START: FULL LICENSE  
THE FULL PROJECT GUTENBERG LICENSE  
PLEASE READ THIS BEFORE YOU DISTRIBUTE OR USE THIS WORK

To protect the Project Gutenberg™ mission of promoting the free distribution of electronic works, by using or distributing this work (or any other work associated in any way with the phrase “Project Gutenberg”), you agree to comply with all the terms of the Full Project Gutenberg™ License available with this file or online at [www.gutenberg.org/license](http://www.gutenberg.org/license).



## **Section 1. General Terms of Use and Redistributing Project Gutenberg™ electronic works**

1.A. By reading or using any part of this Project Gutenberg™ electronic work, you indicate that you have read, understand, agree to and accept all the terms of this license and intellectual property (trademark/copyright) agreement. If you do not agree to abide by all the terms of this agreement, you must cease using and return or destroy all copies of Project Gutenberg™ electronic works in your possession. If you paid a fee for obtaining a copy of or access to a Project Gutenberg™ electronic work and you do not agree to be bound by the terms of this agreement, you may obtain a refund from the person or entity to whom you paid the fee as set forth in paragraph 1.E.8.

1.B. “Project Gutenberg” is a registered trademark. It may only be used on or associated in any way with an electronic work by people who agree to be bound by the terms of this agreement. There are a few things that you can do with most Project Gutenberg™ electronic works even without complying with the full terms of this agreement. See paragraph 1.C below. There are a lot of things you can do with Project Gutenberg™ electronic works if you follow the terms of this agreement and help preserve free future access to Project Gutenberg™ electronic works. See paragraph 1.E below.

1.C. The Project Gutenberg Literary Archive Foundation (“the Foundation” or PGLAF), owns a compilation copyright in the collection of Project Gutenberg™ electronic works. Nearly all the individual works in the collection are in the public domain in the United States. If an individual work is unprotected by copyright law in the United States and you are located in the United States, we do not claim a right to prevent you from copying, distributing, performing, displaying or creating derivative works based on the work as long as all references to Project Gutenberg are removed. Of course, we hope that you will support the Project Gutenberg™ mission of promoting free access to electronic works by freely sharing Project Gutenberg™ works in compliance with the terms of this agreement for keeping the Project Gutenberg™ name associated with the work. You can easily comply with the terms of this agreement by keeping this work in the same format with its attached full Project Gutenberg™ License when you share it without charge with others.

1.D. The copyright laws of the place where you are located also govern what you can do with this work. Copyright laws in most countries are in a constant state of change. If you are outside the United States, check the laws of your country in addition to the terms of this agreement before downloading, copying, displaying, performing, distributing or creating derivative works based on this work or any other Project Gutenberg™ work. The Foundation makes no representations concerning the copyright status of any work in any country other than the United States.

1.E. Unless you have removed all references to Project Gutenberg:

1.E.1. The following sentence, with active links to, or other immediate access to, the full Project Gutenberg™ License must appear prominently whenever any copy of a Project Gutenberg™ work (any work on which the phrase “Project Gutenberg” appears, or with which the phrase “Project Gutenberg” is associated) is accessed, displayed, performed, viewed, copied or distributed:

This eBook is for the use of anyone anywhere in the United States and most other parts of the world at no cost and with almost no restrictions whatsoever. You may copy it, give it away or re-use it under the terms of the Project Gutenberg License included with this eBook or online at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org). If you are not located in the United States, you will have to check the laws of the country where you are located before using this eBook.

1.E.2. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is derived from texts not protected by U.S. copyright law (does not contain a notice indicating that it is posted with permission of the copyright holder), the work can be copied and distributed to anyone in the United States without paying any fees or charges. If you are redistributing or providing access to a work with the phrase “Project Gutenberg” associated with or appearing on the work, you must comply either with the requirements of paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 or obtain permission for the use of the work and the Project Gutenberg™ trademark as set forth in paragraphs 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.3. If an individual Project Gutenberg™ electronic work is posted with the permission of the copyright holder, your use and distribution must comply with both paragraphs 1.E.1 through 1.E.7 and any additional terms imposed by the copyright holder. Additional terms will be linked to the Project Gutenberg™ License for all works posted with the permission of the copyright holder found at the beginning of this work.

1.E.4. Do not unlink or detach or remove the full Project Gutenberg™ License terms from this work, or any files containing a part of this work or any other work associated with Project Gutenberg™.

1.E.5. Do not copy, display, perform, distribute or redistribute this electronic work, or any

part of this electronic work, without prominently displaying the sentence set forth in paragraph 1.E.1 with active links or immediate access to the full terms of the Project Gutenberg™ License.

1.E.6. You may convert to and distribute this work in any binary, compressed, marked up, nonproprietary or proprietary form, including any word processing or hypertext form. However, if you provide access to or distribute copies of a Project Gutenberg™ work in a format other than “Plain Vanilla ASCII” or other format used in the official version posted on the official Project Gutenberg™ website (www.gutenberg.org), you must, at no additional cost, fee or expense to the user, provide a copy, a means of exporting a copy, or a means of obtaining a copy upon request, of the work in its original “Plain Vanilla ASCII” or other form. Any alternate format must include the full Project Gutenberg™ License as specified in paragraph 1.E.1.

1.E.7. Do not charge a fee for access to, viewing, displaying, performing, copying or distributing any Project Gutenberg™ works unless you comply with paragraph 1.E.8 or 1.E.9.

1.E.8. You may charge a reasonable fee for copies of or providing access to or distributing Project Gutenberg™ electronic works provided that:

- You pay a royalty fee of 20% of the gross profits you derive from the use of Project Gutenberg™ works calculated using the method you already use to calculate your applicable taxes. The fee is owed to the owner of the Project Gutenberg™ trademark, but he has agreed to donate royalties under this paragraph to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation. Royalty payments must be paid within 60 days following each date on which you prepare (or are legally required to prepare) your periodic tax returns. Royalty payments should be clearly marked as such and sent to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation at the address specified in Section 4, “Information about donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation.”
- You provide a full refund of any money paid by a user who notifies you in writing (or by e-mail) within 30 days of receipt that s/he does not agree to the terms of the full Project Gutenberg™ License. You must require such a user to return or destroy all copies of the works possessed in a physical medium and discontinue all use of and all access to other copies of Project Gutenberg™ works.
- You provide, in accordance with paragraph 1.F.3, a full refund of any money paid for a work or a replacement copy, if a defect in the electronic work is discovered and reported to you within 90 days of receipt of the work.
- You comply with all other terms of this agreement for free distribution of Project Gutenberg™ works.

1.E.9. If you wish to charge a fee or distribute a Project Gutenberg™ electronic work or group of works on different terms than are set forth in this agreement, you must obtain permission in writing from the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the manager of the Project Gutenberg™ trademark. Contact the Foundation as set forth in Section 3 below.

1.F.

1.F.1. Project Gutenberg volunteers and employees expend considerable effort to identify, do copyright research on, transcribe and proofread works not protected by U.S. copyright law in creating the Project Gutenberg™ collection. Despite these efforts, Project Gutenberg™ electronic works, and the medium on which they may be stored, may contain “Defects,” such as, but not limited to, incomplete, inaccurate or corrupt data, transcription errors, a copyright or other intellectual property infringement, a defective or damaged disk or other medium, a computer virus, or computer codes that damage or cannot be read by your equipment.

1.F.2. LIMITED WARRANTY, DISCLAIMER OF DAMAGES - Except for the “Right of Replacement or Refund” described in paragraph 1.F.3, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, the owner of the Project Gutenberg™ trademark, and any other party distributing a Project Gutenberg™ electronic work under this agreement, disclaim all liability to you for damages, costs and expenses, including legal fees. YOU AGREE THAT YOU HAVE NO REMEDIES FOR NEGLIGENCE, STRICT LIABILITY, BREACH OF WARRANTY OR BREACH OF CONTRACT EXCEPT THOSE PROVIDED IN PARAGRAPH 1.F.3. YOU AGREE THAT THE FOUNDATION, THE TRADEMARK OWNER, AND ANY DISTRIBUTOR UNDER THIS AGREEMENT WILL NOT BE LIABLE TO YOU FOR ACTUAL, DIRECT, INDIRECT, CONSEQUENTIAL, PUNITIVE OR INCIDENTAL DAMAGES EVEN IF YOU GIVE NOTICE OF THE POSSIBILITY OF SUCH DAMAGE.

1.F.3. LIMITED RIGHT OF REPLACEMENT OR REFUND - If you discover a defect in this electronic work within 90 days of receiving it, you can receive a refund of the money (if any) you paid for it by sending a written explanation to the person you received the work from. If you received the work on a physical medium, you must return the medium with your written

explanation. The person or entity that provided you with the defective work may elect to provide a replacement copy in lieu of a refund. If you received the work electronically, the person or entity providing it to you may choose to give you a second opportunity to receive the work electronically in lieu of a refund. If the second copy is also defective, you may demand a refund in writing without further opportunities to fix the problem.

1.F.4. Except for the limited right of replacement or refund set forth in paragraph 1.F.3, this work is provided to you 'AS-IS', WITH NO OTHER WARRANTIES OF ANY KIND, EXPRESS OR IMPLIED, INCLUDING BUT NOT LIMITED TO WARRANTIES OF MERCHANTABILITY OR FITNESS FOR ANY PURPOSE.

1.F.5. Some states do not allow disclaimers of certain implied warranties or the exclusion or limitation of certain types of damages. If any disclaimer or limitation set forth in this agreement violates the law of the state applicable to this agreement, the agreement shall be interpreted to make the maximum disclaimer or limitation permitted by the applicable state law. The invalidity or unenforceability of any provision of this agreement shall not void the remaining provisions.

1.F.6. INDEMNITY - You agree to indemnify and hold the Foundation, the trademark owner, any agent or employee of the Foundation, anyone providing copies of Project Gutenberg™ electronic works in accordance with this agreement, and any volunteers associated with the production, promotion and distribution of Project Gutenberg™ electronic works, harmless from all liability, costs and expenses, including legal fees, that arise directly or indirectly from any of the following which you do or cause to occur: (a) distribution of this or any Project Gutenberg™ work, (b) alteration, modification, or additions or deletions to any Project Gutenberg™ work, and (c) any Defect you cause.

## **Section 2. Information about the Mission of Project Gutenberg™**

Project Gutenberg™ is synonymous with the free distribution of electronic works in formats readable by the widest variety of computers including obsolete, old, middle-aged and new computers. It exists because of the efforts of hundreds of volunteers and donations from people in all walks of life.

Volunteers and financial support to provide volunteers with the assistance they need are critical to reaching Project Gutenberg™'s goals and ensuring that the Project Gutenberg™ collection will remain freely available for generations to come. In 2001, the Project Gutenberg Literary Archive Foundation was created to provide a secure and permanent future for Project Gutenberg™ and future generations. To learn more about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation and how your efforts and donations can help, see Sections 3 and 4 and the Foundation information page at [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org).

## **Section 3. Information about the Project Gutenberg Literary Archive Foundation**

The Project Gutenberg Literary Archive Foundation is a non-profit 501(c)(3) educational corporation organized under the laws of the state of Mississippi and granted tax exempt status by the Internal Revenue Service. The Foundation's EIN or federal tax identification number is 64-6221541. Contributions to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation are tax deductible to the full extent permitted by U.S. federal laws and your state's laws.

The Foundation's business office is located at 809 North 1500 West, Salt Lake City, UT 84116, (801) 596-1887. Email contact links and up to date contact information can be found at the Foundation's website and official page at [www.gutenberg.org/contact](http://www.gutenberg.org/contact)

## **Section 4. Information about Donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation**

Project Gutenberg™ depends upon and cannot survive without widespread public support and donations to carry out its mission of increasing the number of public domain and licensed works that can be freely distributed in machine-readable form accessible by the widest array of equipment including outdated equipment. Many small donations (\$1 to \$5,000) are particularly important to maintaining tax exempt status with the IRS.

The Foundation is committed to complying with the laws regulating charities and charitable donations in all 50 states of the United States. Compliance requirements are not uniform and it takes a considerable effort, much paperwork and many fees to meet and keep up with these requirements. We do not solicit donations in locations where we have not received written confirmation of compliance. To SEND DONATIONS or determine the status of compliance for any particular state visit [www.gutenberg.org/donate](http://www.gutenberg.org/donate).

While we cannot and do not solicit contributions from states where we have not met the solicitation requirements, we know of no prohibition against accepting unsolicited donations from donors in such states who approach us with offers to donate.

International donations are gratefully accepted, but we cannot make any statements concerning tax treatment of donations received from outside the United States. U.S. laws alone swamp our small staff.

Please check the Project Gutenberg web pages for current donation methods and addresses. Donations are accepted in a number of other ways including checks, online payments and credit card donations. To donate, please visit: [www.gutenberg.org/donate](http://www.gutenberg.org/donate)

## **Section 5. General Information About Project Gutenberg™ electronic works**

Professor Michael S. Hart was the originator of the Project Gutenberg™ concept of a library of electronic works that could be freely shared with anyone. For forty years, he produced and distributed Project Gutenberg™ eBooks with only a loose network of volunteer support.

Project Gutenberg™ eBooks are often created from several printed editions, all of which are confirmed as not protected by copyright in the U.S. unless a copyright notice is included. Thus, we do not necessarily keep eBooks in compliance with any particular paper edition.

Most people start at our website which has the main PG search facility: [www.gutenberg.org](http://www.gutenberg.org).

This website includes information about Project Gutenberg™, including how to make donations to the Project Gutenberg Literary Archive Foundation, how to help produce our new eBooks, and how to subscribe to our email newsletter to hear about new eBooks.